



Back to college: Renting a house or apartment

Balik sa kolehiyo: Pagrenta ng bahay o apartment

Intern, Dibisyon para sa Mamimili at Edukasyon sa Negosyo, FTC

Babalik ka ba sa kolehiyo ngayong panahon ng taglagas? Kung oo, maaaring lumipat ka sa isang inuupahang bahay o apartment sa unang pagkakataon. Narito ang ilang tips para sa mga uupa sa unang pagkakataon:

- **I-check ang iyong credit report.** Kapag nag-a-apply ka para sa bahay o apartment na iyon, malamang na i-check ng landlord ang iyong credit report bilang bahagi ng iyong background check. (At maaari ka nilang singilin ng isang maliit na fee para gawin ito.) Kung ano ang nasa credit report mo – kung mayroon ka nito – ay nakakaapekto kung makukuha mo ang uupahan. Kunin ang iyong mga credit report sa annualcreditreport.com, ang tanging awtorisadong website para sa mga libheng credit report mula sa tatlong malalaking ahensya para sa credit reporting. Maingat na i-check ang mga report para masigurong tama ang impormasyong naroroon. Kung hindi, alamin dito kung ano ang susunod na gagawin. Kung hindi ka pa nakakabuo ng sapat na credit para magkaroon ng credit report, o kung mayroon kang mga problema sa credit, maaaring mangailangan ka ng isang taong magko-co-sign ng iyong lease.
- **Mag-ingat sa mga scam na nakalistang paupahan.** Hina-hijack minsan ng mga scammer ang mga listahan ng paupahan – o kaya ay nag-iimbento lamang ng listahan. Bago ka magbayad, laging bisitahin ang apartment o bahay, sa loob at labas. Kung may nagsabi sa iyong magbayad ng isang fee o deposito bago mo aktwal na mapuntahan ang lugar, malamang scam iyon. At huwag na huwag i-wire ang pera o magbayad sa pamamagitan ng gift card. Ang sinumang nagsasabing kailangan mong magbayad sa ganoong paraan ay isang scammer. Magbasa ng higit pa tungkol sa mga scam na listahan ng paupahan dito.
- **Tandaan kung kailan due ang renta!** Markahan ito bilang nauulit na event sa kalendaryo mo. Kung hindi mo binabayaran ang renta mo sa oras, maaari kang masingilan ng mga late fee at manganib na mapaalis. Kung hindi ka makakapagbayad sa oras, kausapin ang iyong landlord. Maaari kang makapag-areglo ng isang-beses na extension o magbayag ng ilang araw pagkatapos nitong maging due.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Pagrenta sa isang Apartment o Bahay.